

Ang pagtatapon ng mga basurang nasusunog na galing sa bahay ay may bayad na.

T. Kailan magsisimula ang pagbabayad?



S. Ito ay magsisimula sa Abril 1, 2020.

※ Kung nakatira ka sa isang pabahay, apartment o condominium, ang bayad sa pagtatapon ng basura ay maaaring na proseso na ng tagapamahala o may-ari ng inyong tinitirahan kaya makipag uganayan lamang sa kanila.

T. Anong uri ng basura ang may bayad?



S. Mga basurang itatapon galing sa bahay, 「nasusunog na basura」 ang may bayad.

T. Ang disenyo ng bagong supot ng basura na may bayad ay magbabago?




S. Ang kulay dilaw na supot ng basura ay may bayad. 「nasusunog na basura」

T. Anong mangyayari sa kasalukuyang ginagamit na supot ng basura?



S. Ang kasalukuyang kulay puting supot ng basura ay maaari pa ring patuloy na gamitin para sa mga 「narerisiklong basura」, 「nakakalasang basura」, 「landfill na basura」, at ang kulay berdeng supot ng basura naman ay maaari pa ding gamitin sa mga 「maliliit at kumplikadong basura」. Karagdagan pa, ang mga itinalagang panlabas na supot ng basura na para sa 「mga basurang puwede pang mapakinabangan」, 「maliliit at kumplikadong basura」, 「mapanganib na mga basura」, 「landfill na basura」 ay maaari pa ring patuloy na gamitin.



T. Saan makakabili ng mga itinalagang bagong supot ng basura?



S. Sa mga supermarket at mga tindahan sa syudad, mga convenience stores at home centers. Ipagbibigay alam namin sa lahat kung kailan magpapasya ang mga mangangalakal na ibenta ang mga bagong supot ng basura.



T. Ano ang mangyayari sa laki at presyo ng itinalagang mga bagong supot ng basura?



S. Maaaring tignan ang talahanayan sa ibaba.

【Ang presyo ng itinalagang supot ng basura na may bayad ay depende ayon sa laki】

Laki ng itinalagang supot ng basura na may bayad.	45ℓ	30ℓ	20ℓ	10ℓ
Presyo ng bawat pirasong supot ng basura (kasama ang buwis)	45 yen	30 yen	20 yen	10 yen

Lungsod ng Hatsukaichi